



Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation: A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

LEARNING MATERIAL

# Pagprotekta sa mga Kagubatan at Buhay-ilang

GIOVANNI REYES

**Panimula**

Kapag nabanggit ang salitang "kagubatan" ano nga ba ang unang pumapasok sa ating isipan? Kapag tinanong ang mga negosyante at korporasyon, malamang sa malamang ang kanilang isasagot ay mapagkukunan nang hilaw na materyales. Kung tatanungin naman ang pamahalaan, maaaring ganoon rin ang isagot o hindi kaya ay isang *Protected Area (PA)* o pareho. Kapag naman sa mga hindi taga-pamahalaan, malamang ang magiging sagot ay pangangalaga sa samu't-saring buhay. Para sa sektor ng agrikultura, ang mga kagubatan ay mahalaga sa kasiguruhan sa pagkain dahil sa pagpapanatili nito ng kasaganaan ng tubig na siyang nagiging irigasyon ng mga sakahan. Para naman sa mga pangkat mula sa akademiya o sa komunidad ng mga siyentipiko, ang kagubatan ay nangangahulugan ng santuwaryo o kanlungan ng mga buhay-ilang *(wildlife)*, na kanila ring pinapaalam sa madla sa mga pagkilos para sa pagsagip sa mga buhay-ilang tulad ng *"Save the Eagle"* sa Mt. Apo sa Mindanao at ang *"Save the Tamaraw"* sa Mts. Iglit-Baco sa Mindoro.

Ngunit kung susuriin sa nasasalat na aspeto, ano nga ba ang kahalagahan ng kabundukan at ng buhay-ilang, halimbawa ng Mt. Apo at ng Philippine Eagle para sa mga Evu Menuvu at kanilang komunidad? Ano ang halaga ng Mts. Iglit-Baco at ng tamaraw para sa Mangyan at kanilang komunidad? Sa iba't-ibang rehiyon sa bansa, mayroong mga etnolingwistikong pangkat – tulad ng mga Mangyan at ng mga Evu Menuvu – na ang pamumuhay ay nakaugat sa kagubatan, kaibang-kaiba sa karamihan. Sa usapang kagubatan, mainam ring tanungin na, "Saan nga ba matatagpuan ang mga nalalabing kagubatan sa bansa? Bakit nga ba karaniwan ay matatagpuan ang mga ito sa mga teritoryo at lupaing ninuno ng mga katutubo? Ito ba ay dahil sa mga ginagawang pagprotekta ng pamahalaan sa mga ito (halimbawa, ang protected area system) o dahil ba ito sa katutubong pamamahala ng mga katutubo?"

**Pagpapakahulugan sa Salitang *Kagubatan***

Ang kagubatan ay isang likas na yaman na nagbibigay ng maraming benepisyo at serbisyong mahalaga para sa kaunlaran ng sangkatauhan. Ang mga kagubatan ay mahalaga para sa kalusugan ng kalikasan dahil nakatutulong ito sa paglinis ng tubig at hangin at pinipigilan nito ang pagguho ng lupa. Nakatutulong din ang mga kagubatan sa pagpapagaan ng mga epektong dulot ng pagbabago ng klima dahil sinasagap nito ang *carbon dioxide* at iba pang mapaminsalang *greenhouse gases* na kung hindi masasagap ay tuluyang papasahimpapawid sa atmospera at makapagpapalala ng pagbabago ng klima. Noon pa mang 1980s, napapansin na ng mga lokal na komunidad ang pagbabago sa klima gawa ng mas malalakas na bagyo tuwing panahon ng tag-ulan at mas mahahabang kawalan ng ulan tuwing tagtuyot.

Ang mga natitirang kagubatan sa bansa ay matatagpuan sa mga lupaing ninuno ng mga katutubo.[1] Ito ay maiuugat sa kasaysayan ng mga katutubo na lumaban at hindi nagpasupil sa mga mananakop, mga korporasyong nagtotroso, at maging ang mga "mapanalakay na ideya ng pagpapaunlad" na kinahaharap ng mga katutubong pamayanan sa kasalukuyan. Makikita rin ang kasaysayang ito sa kwento ng pagkalbo sa mga kagubatan ng bansa sa susunod na bahagi.

[1] La Vina, Antonio in "Recognition of Ancestral Domains: An Imperative for Democratic Upland Resource Management as cited by Robin Broad and John Cavanagh in "Plundering Paradise: the struggle for environment in the Philippines." 1993.

Makikita sa bansa ang krisis pangkalikasan ng bansa dulot ng mga gawaing ekstraktibo *(extractive)* gawa ng mga tao nitong nakaraang siglo: nauubos na kagubatan, naglalahong mga kalupaan, at tumitinding pagbaha at iba pang sakuna.

***Bakit gawa ng tao?***

Karaniwan ang kaisipan na ang kalikasan ay dapat mapakinabangan at pagkakitaan; ngunit ang hindi napag-iisipan ay ano ang maaaring pakinabangan kapag nasira at/o nawala na ang mapagkukunan nito. Sa mga salita ni Schumacher, *"Hindi ramdam ng tao na siya ay bahagi ng kalikasan, kundi bilang isang* ***panlabas na puwersang nakatadhanang pumangibabaw at sumakop dito."*** Sabi pa niya, *"Madalas pang lamanin ng kwento ng tao ang pakikidigma niya sa kalikasan, nakakalimot na, kung maipanalo niya man ang sagupaang ito, matatagpuan niya lang ang kanyang sarili sa panig ng pagkatalo."*[2]

**Kasaysayan ng Paglaho ng Kagubatan**

Mula sa mga krisis pangkalikasan na nabanggit sa itaas, tingnan natin ang mga kadahilanan sa likod ng mga ito:

**1500s.** Pagdating at pagsakop ng mga Kastila sa Pilipinas. Noong panahong ito, may 27 milyon pang ektarya ng kagubatan ang matatagpuan sa bansa.

**1900s**. Ang kagubatan ay tinatayang nasa 21 milyon ektarya na lang.[3] Ang mga sumunod na mga mananakop, ang mga Amerikano, ay nagturo ng pamamaraan ng pagtotroso gamit ang makinarya para sa pag-angkat ng mga troso pa-Estados Unidos. Maraming pinutol na puno para sa paggawa ng mga barko at taniman ng mga plantasyon para sa mga tanim na iaangkat. At para pababain ang gastos sa pagpapamahala sa Pilipinas, binuksan ang mga lupang sakahan na nagdulot nang mas malawak na pagsira sa kagubatan. Ang mga kolonyal at industriyal na pamamaraan ng pagtotroso ang naging kabuhayan ng pamahalaan, ng industriya, ng mga mangangalakal, emplyedo, manggagawa, at mga pamayanan sa kabundukan sa buong bansa.[4]

Ilang dekada matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nakitaan muli ng pagkaubos ng kagubatan ang Pilipinas dahil naman sa mga ipinairal na batas ng pamahalaan.

**1946.** Ipinasa ang Bell Trade Act na nagbibigay ng karapatan sa mga mamamayang Amerikano na gamitin ang mga likas na yaman sa bansa bilang **isa sa mga kondisyon** sa Kalayaan ng Pilipinas. Alinsunod dito, ang mga pampublikong kagubatan ay inilaan sa mga *logging concessions* bilang pangunahing pagkakakitaan ng Estados Unidos.

**1960s-70s.** Noong 1964, naitala na ang mga panganib na nakaamba pagdating sa mga buhay-ilang sa Pilipinas. Ilang dekada lang ang nakalilipas ay tanyag ang buhay-ilang ng Pilipinas dahil sa dami nito; ngunit ngayon ay kilala na sa pagiging bihira ng mga ito. Ang **walang habas na pagsira** sa mga kagubatan ng bansa ang siyang maituturong salarin. Ang mga *virgin forests* ng bansa ay inokupa ng mga korporasyong nagtotroso para sa kahoy, playwud, papel, at iba pa.

Dahil sa pagmimina, nasa 10.2 milyong ektarya na ang nasirang kagubatan. Sinasabing sa panahong ito ay naubos ang kagubatan dahil sa mga pagsuporta ng administrasyon at ng tiwaling hukbong sandatahan nito sa pagkamkam sa mga likas na yaman. Sa loob ng 14 taon sa ilalim ng Batas Militar (taong 1972 to 1986), umabot sa P1.64 bilyon ang halaga ng mga produkto galing sa kagubatan. Sa pag-angkat pa lang ng kahoy ay pumapalo na ng $507M noong 1974, $305M noong 1975, $264M noong 1976, at $261M noong 1977. Patuloy ang pagtindi ng paghango sa mga likas na yaman hanggang Dekada 1980.

**1980s.** Tinatayang nasa 119,000 ektarya ang nawawalang kagubatan kada taon. Mula 1986 to 1990, tinatayang sinlawak ng **anim** na *basketball court* ang kagubatang naglalaho **kada minuto.** Sa ibang pagtataya, sinasabing isang puno ang tinutumba kada 3.5 minuto.

Sa kaso ng Palawan na tinatawag na isa sa mga natitirang buhay na silid-aklatan ng ekolohiya, inulat ng Haribon na ginagamit ang mga kagubatan at likas na yamang naririto sa pulitika bilang pinagkukunan ng pagkakakitaan para manatili sa pwesto ang mga politiko at bumili ng boto.

**1987.** Nagbago ng balangkas ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) at nakita ang pangangailangan para sa pagtatayo ng Protected Areas and Wildlife Bureau (PAWB), na ngayon ay kilala bilang Biodiversity Management Bureau (BMB), para mabisang malabanan ang pagkaubos ng kagubatan. Ang BMB ay inatasan na gumawa at/o magrekomenda ng mga polisiya, patnubay, at panuntuan para sa pagtatayo at pamamahala sa isang *Integrated Protected Area System* tulad ng *national parks, wildlife sanctuaries, marine parks, at biosphere reserves.*

**1990s.** Sa kabila ng pagbabawal ng Pamahalaan sa **pagtotroso,** nabawasan man ang dami, nagpatuloy pa rin ang *commercial logging* sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Sa taong 1990 pa lang, 75 na *Timber License Agreements (TLAs)* na may sakop na 2.812 milyon ektarya na hinahayaang magputol ng puno ng 4.73 *million cubic meters* ang naipamigay. Sinasabing dulot ito ng koneksyon ng mga ito sa mga nasa posisyon. Maging si Kalihim Factoran ay aminado na ang DENR ay namumutiktik sa katiwalian sa lokal na antas at ang pamahalaan ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na pondo at kakayanan na mabigyang-solusyon ang lahat ng mga suliraning pangkapaligiran.

**2000s.** Patuloy pa rin ang ilegal na pagtotroso dahil sa mahinang pagpapatupad ng mga batas. Sa taong 2003, tinatayang nasa 7.2 milyon ektarya ang naputulan ng kahoy. Sa taong 2011, tatlong TLAs ang nanatili sa Western Samar at Zamboanga del Norte, na mayroong kabuuang sakop na 177,085 ektarya. Sa taong 2014, nasa 6.52 milyon ektarya na lang ang natitirang kagubatan sa buong bansa. Saan na lang makikita ang mga kagubatang ito? At gaano katagal na lang ang itinatayang itatagal ng mga ito?

[2] Isinalin na pahayag ni E.F Schumacher. "Small is Beautiful: Economics as if Peoples Matter," Harper and Row New York. 1973.
[3] Environmental Science for Social Change, Ateneo de Manila. 1999.
[4] DENR-FMB at CoDe REDD-Plus Philippines. 2010.

**Mga Kagubatan at Buhay-Ilang: Lokasyon at Proteksyon**

Ang mga natitirang kagubatan ng bansa ay kalimitang matatagpuan sa mga lupaing ninuno ng mga katutubo. Lumabas din ito nang maraming beses sa mga naging pagmamapa ng Philippine Association for Intercultural Development (PAFID). Ang natagpuang ito ay hindi nalalayo sa pahayag ng mga Kuna Indians ng Panama: "*Kung nasaan ang mga kagubatan, naroon ang mga katutubo; at kung nasaan ang mga katutubo, naroon ang mga kagubatan*."

Para sa mga katutubo, ang mga kagubatan ay hindi lang basta mga kabundukan o santuwaryo ng mga buhay-ilang. Ang mga kagubatan para sa kanila ay mga silid-aklatan ng ekolohiya, pagamutan, palengke, at pook-sambahan. Kung sa mga Kristiyano, ang pagsira sa mga simbahan ay makikita nila bilang paglabag sa kabanalan nito, ganito rin ang pakiramdam ng mga katutubo kapag ang mga kagubatan ay ginagawang *open-pit mines*.

**Pagpigil sa Pagdarambong: Pagsasalaysay ng mga Kwento**

Ang pagdarambong sa mga kagubatan ng bansa ay hindi mapipigilan kung hindi sa pagtatanggol na ginawa at patuloy na ginagawa ng mga katutubo – ito ay kwento ng paglaban at patuloy na pag-asa na mapanatili, kung hindi mapalago, pa ang mga kagubatan para sa susunod na salinlahi. Dalawang kwento ng pag-asa ang napili para sa bahaging ito.

**Unang Kwento: Ang mga Ikalahan ng Sta. Fe, Nueva Vizcaya**

Noong dekada sisenta, plinanong magtayo ng *resort* na tatawaging "Marcos City" sa 6,300 ektarya ng lupa sa loob ng teritoryo ng mga Ikalahan sa Nueva Vizcaya. Maraming mga pekeng titulo ang ipinamudmod para palayasin ang mga katutubo sa lugar. Gayong napapaisip na lumaban gamit ang dahas, minabuting lumaban ng mga Ikalahan sa mga hukuman. Sa tulong ng dalawang determinadong abogado, ipinawalang-bisa ng Pangasinan Regional Trial Court ang mga titulo at pag-angkin ng mga tagalabas. Matapos ang kasuhan, napagtanto ng mga Ikalahan ang halaga ng pagkakaroon ng katibayan ng pagmamay-ari ng lupa para masiguro ang kanilang paggamit at pag-angkin sa kanilang lupaing ninuno.

Sa kabila ng mga hamon, matagumpay na nakuha ng mga Ikalahan ang kasiguruhan sa lupa sa ilalim ng Memorandum of Agreement (MOA) No. 1 sa pagitan ng Bureau of Forest Development (BFD) sa ilalim ng pamumuno ni Direktor Jose Viado na siyang kumatawan sa pamahalaan at ni G. Simeon Camutiao na siya noong tagapangulo ng Kalahan Educational Foundation (KEF) bilang kinatawan ng mga Ikalahan. Binuo ang MOA No. 1 nang may paggalang sa karunungan ng mga Elders na katutubong Ikalahan. Nakasaad sa MOA na ang KEF ang siyang dapat mamahala at gumamit sa lugar nang may pagbubukod sa ibang tao; at protektahan ang mga kagubatan mula sa mga tagalabas, pigilan ang sunog sa kagubatan at kadamuhan, at protektahan maging ang mga kalapit na kagubatan.[5]

[5] Mesina, Sylvia. Living Stories: Exemplary Philippine Practice on Environment and Sustainable Development. "Ikalahan Community Development Projects." 1999.

Ang MOA No. 1 ay siyang kilala natin ngayon bilang *Community-Based Forest Management*,[6] at mga programang pangkagubatan na nakatuon sa mga taong nangangalaga nito tulad ng *Family/Contract Reforestation with Forest Land Management Agreements (FLMA), Integrated Social Forestry Program (ISFP)*, at ang *Community Forestry Project (CFP)* kung saan ang mga taga-komunidad ay itinatrato bilang partner sa pamamagitan ng pangmatagalang kasunduan sa pangangalaga ng kagubatan (long-term tenurial stewardship agreements). Sa kalaunan, ang MOA No. 1 ay naging titulo. Kung sa gayon, ang *Certificate of Ancestral Domain Title (CADT)* ay isa sa mga katibayan ng pagmamay-ari sa lupa na nagmula sa inisyatiba ng mga Ikalahan sa pagbuo ng MOA. No. 1.[7]

**Ikalawang Kwento: Ang Mga Bontok at Kalinga sa Chico River Valley**

Ang pagprotekta ng mga katutubo sa kanilang mga lupaing ninuno ay may kaakibat na panganib. Noong 1976, ipinanukala ng noong Pangulong Marcos ang Chico River Dam na sinalungat ng mga Kalinga at Bontok. May apat na bahagi ang proyekto na sakop ang mga munisipyo ng Sabangan (Chico 1) at Sadanga (Chico 2) ng Mountain Province at Basao (Chico 3) at Tomiangan (Chico 4) ng Kalinga.[8] Dala nito ang panganib na mapalayas ang 5,000 Kalinga sa kanilang tirahan, masira ang 1,200 na hagdan-hagdang palayang nilagyan ng dingding na batuhan, 500 ektarya ng mga puno ng prutas, at malubog ang 10-kilometrong daanan na nagdurugtong sa dalawang lalawigan at mga kanayunan na nakatabi rito.[9]

Ang pagsalungat sa proyekto ay dahil sa mga ispiritwal at kultural na pagpapahalaga ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno. Ang pagtingin na ito sa lupa bilang sagrado ay ipinakita sa pahayag ni Macliing Dulag na isang Pangat sa Kalinga:

> "*Apo Kabunian, Diyos naming lahat, na nagbigay sa amin ng buhay at inilagay kami sa mundo para mabuhay bilang tao. At saan kami kukuha ng buhay? Mula sa lupa. Ang trabahuhin (ang lupa) ay isang obligasyon, hindi lang isang karapatan. Sa pagsaka sa lupa, inaangkin mo ito. Ibig sabihin, ang lupa ay isang biyaya na dapat pagyamanin. Ang pagpapayaman at pagpapalago ng tanim dito ay ang walang hanggang pagbibigay-biyaya ni Apo Kabunian sa kanyang mga anak. Ang lupa ay sagrado. Ang lupa ay minamahal at mula sa sinapupunan nito umuusbong ang buhay.*[10]"

[6] Pres. Fidel Ramos. E.O NO. 263. "Adopting Community-Based Management as the National Strategy to Ensure the Sustainable Development of the Country's Forestlands Resources and Providing Mechanisms for its Implementation. 19 July 1995.

[7] De Vera, Dave. "From Adversaries to Partners." Indigenous peoples in the Philippines: A Country Case Study. RNIP Regional Assembly, Hanoi, Vietnam. 20-26 August 2007.

[8] Lahmeyer International. "Technical Pre-Feasibility Study of the Hydro Electric Development in the Chico River: Chico I, Sabangan Mt. Province; Chico II, Sadanga, Mt. Province; Chico III, Basao Kalinga; Chico 4 Tomiangan, Kalinga. 1973.

[9] Cariño, Joanna. "The Chico River Basin Development Project: A case study in development policy." Selected Papers of the 3rd National Conference, "Environment and Man," of UGAT. Agham Tao. Vol. III. 1980.

[10] Isinalin ang pahayag ni Macliing Dulag mula sa Bennagen, Ponciano. "Tribal Filipinos" in Indigenous View of Land and the Environment." World Bank Discussion Papers No. 188, Pp. 71-72 quoted in Kapunan, Associate Justice, Supreme Court, Separate Opinion in Cruz vs. NCIP, G.R. No. 135385. 6 December 2000.

Kasunod ng walang-awang pagpatay kay Macliing Dulag, ang nilayong pagsindak sa mga katutubo ay hindi nangyari. Sa katunayan, kabalintuan pa ang naganap – gumuho ang proyektong pinondohan ng World Bank at ang pagtingin ng mga tao sa lupaing ninuno at pagprotekta sa mga likas na yaman ay biglang tumindi. Ang tagumpay na ito ang siyang naging inspirasyon para sa iba pang mga katutubo na lumalaban sa pagtatayo ng naglalakihang mga *dam* at iba pang mga proyekto sa kani-kanilang komundiad.[11] Kaugnay nito, matagumpay ding naigiit ng mga organisasyon ng mga katutubo sa Cordillera ang pagkakaroon ng mga probisyon sa 1987 Konstitusyon sa pagkilala sa mga karapatan ng mga katutubo.[12] Mula sa mga probisyon na ito sa Konstitusyon nagmula ang pagsasabatas ng Indigenous Peoples Rights Act of 1997 (RA 8371).

Ano ang sinasabi sa atin ng mga kwentong ito? Ito ang masasabi ni Datu Birang na isang Lumad mula sa Mindanao: "*Mabuti nang mawalan ng tao sa kalikasan, kaysa magkaroon ng tao ngunit walang kalikasan.*"

**Pagprotekta sa Kagubatan at Buhay-Ilang: *Mga Tradisyonal na Kagawian***

Ang mga tradisyonal na kagawian ng mga katutubo ay nagmumula sa kanilang kulturang nakaugat sa kanilang relasyon sa kalikasan kung saan sinisiguro nilang ginagamit lang nila ang kanilang kailangan at pinapatili ang pagiging mayabong nito. May tatlong halimbawa na makikita sa Luzon, Grupo ng mga Isla, at Mindanao na nagpapamalas ng mga tradisyonal na kagawian at ang dulot nito sa proteksyon ng buhay-ilang kabilang na ang Philippine Eagle at ang Tamaraw.

**Muyong**

Ang ***Muyong*** ay salitang Ifugao para sa *kagubatan*. Ang mga kagubatan na malapit sa palayan ay hinahati-hati upang maging pribadong lote para sa pangangahoy ng mga pami-pamilya. Ang mga kagubatan na malayo sa mga palayan naman ay komunal. Ang may-ari ng ***Muyong*** ay dapat magsagawa ng *hikwat*, nang hindi bababa sa isang beses kada taon – isang obligasyon na maggamas at linisin ang ***Muyong***. Sa pamamagitan nito, nasisiguro na mas tataas ang tiyansa na tutubo ang mga puno rito. Ang malalaking puno sa isang ***Muyong*** na malapit sa mga sapa at batuhan ay hindi pinuputol dahil pinaniniwalaan itong tirahan ng mga *Pinading (earth spirits)*. Ang mga may-ari ng ***Muyong*** ay inaasahan ng komunidad na alagaan ang kanyang ***Muyong***. Itinuturing na kahihiyan para sa may-ari ang magpamana ng ***Muyong*** na may kakaunti lang na mga puno rito.

**Awuyuk**

Para sa mga Tagbanua ng Isla ng Coron sa Hilagang Palawan, ang mga lawa ay sagrado at konektado sa mga kabundukan na may kagubatan. Naniniwala ang mga Tagbanua na sila ay nanggaling sa mga lawa, kung kaya ipinagbabawal ang pagkuha ng mga koral. Dahil dito, ang 11 na sagradong lawa sa Coron ay anim na beses na kinilala ng Department of Tourism na pinakamalilinis na lawa sa bansa. Ang Awuyuk ay bahagi ng kauna-unahang karagatang ninuno na opisyal na kinilala sa pamamagitan ng CADT.

**Idsesegilaha**

Ang ***Idsesegilaha*** ay ang *"ridge-to-reef version"* ng mga Manobo ng Mt. Kalatungan sa Bukidnon. Kahawig ng mga paniniwala at kagawian sa Luzon at Grupo ng mga Isla, ang Mt. Kalatungan ay itinatrato bilang tirahan ng mga *Diwata*. Ang mga Diwata ay kinikilala bilang naninirahan sa mga batis at lawa at sinisiguro ang daloy ng malinis na tubig sa mga ito. Bilang kapalit, tungkulin ng mga Manabo na panatilihin ang kalinisan nito mula sa polusyon o anumang pagbabago na maaaring makaapekto sa natural na daloy nito.

**Pagprotekta sa mga Buhay-Ilang: Sa *Pamamagitan ng mga Katutubong Paniniwala***

Katulad nang naunang natalakay, kitang-kita ang kagalingan ng katutubong kagawian sa pagprotekta ng mga buhay-ilang at kanilang tirahan. Ngayon sa bahaging ito, ipapakita naman ang mga halimbawa kung saan ipinapakita na kakabit ng buhay ng mga katutubo ang kagubatan at mga buhay-ilang. Bunsod nito, natural na ginagawa ng mga katutubo ang pangangalaga sa kalikasan alang-alang sa kanilang paniniwala at paggalang sa mga espiritong nananahan sa mga puno at mga batis.

Ang mga sumusunod ay mga tanyag na buhay-ilang na ang tirahan ay nasa tradisyonal na teritoryo ng mga katutubo:

- ***Ibon:*** Ang Philippine Eagle

Sa ordinaryong tao, ang Philippine eagle ay kilala bilang "*monkey-eating eagle*" – isang pagtingin na malayo sa realidad. Sa mga Obo Manuvu/Evu Menuvu, ang Philippine eagle ay ang nagmamay-ari ng kaluluwa ng mga hayop at halaman sa kagubatan. Ito ay alinsunod sa kanilang paniniwala na bahagi ang tao ng mundong may mga ispiritwal na nilalang at iisa lang ang mundo ng mga tao sa mundo ng mga ispirito. Sa mundong ito, ang agila ay isang nilalang na may tayog na "nagmamay-ari ng likas na yaman." Kinikilala nila sa tawag na "*Banog,*" ang agila ay iginagalang, at ang mga taga-komunidad ay may tungkulin na magritwal para rito. Sa kanilang pamamaraan ng pamumuhay, nagkakaroon ng kakayanan ang mga Manuvu na "makipag-usap" sa mga agila. Ang pakikipag-usap ng agila ay binibigyang-kahulugan ng mga taga-komunidad bilang babala na huwag hayaang gumala-gala ang mga bata at maaari itong mapagkamalang hayop ng agila at dagitin na lang bigla.[13] Isa pang halimbawa ng komunikasyon ng agila sa mga Manuvu ay ang mahaba at pa-atungal na pagtawag nito na senyales ng kamatayan ng isang kamag-anak na may sakit. Kapag may digmaang pantribo, ang pagtawag ng agila ay maaaring hudyat ng pag-atake sa komunidad. Sa pangangaso naman, sinasabing ang mga mangangaso na nagsasagawa ng kanilang tungkulin na magritwal para sa agila ay nakakapag-uwi ng usa o baboy ramo.

---

[11] Philippine Task Force for Indigenous Peoples Rights. Position Paper on Dams. 2015.

[12] Casambre, Athena Lydia. "The Failure of Autonomy for the Cordillera Region, Northern Luzon, Philippines." Towards Understanding Peoples of the Cordillera: A Review of Research on History, Governance, Resources, Institutions and Living Traditions, Vol. 1, Cordillera Studies Center, U.P-Baguio. 2001.

[13] Unified Obu Manuvu Tribal Council. "Cultural Values of Philippine Eagles: *The Indigenous Obu Manuvu Worldview.*" Obu Manuvu of Davao City, Philippines. 2017.

Maliban sa mga mensahe nito, ang agila ay sumisimbolo sa mga katangian na hinahanap ng mga taga-komunidad sa isang pinuno – walang takot, marunong magsakripisyo, at may pag-intindi sa hinaharap. Sa usapin naman ng pangangalaga ng kalikasan, ang agila at ang tirahan nito ay isang ***Pusaka*** o pamana kung saan ang preserbasyon at proteksyon nito ay nangangahulugan din ng proteksyon para sa kultura ng mga Obo Manuvu na nakasandig sa kalikasan at nakabatay sa tradisyonal na teritoryo.

- ***Hayop:*** Ang Tamaraw

Ang Tamaraw ay isang hayop na matatagpuan lang sa Isla ng Mindoro – wala nito sa anumang panig ng mundo. Gayong sila ay maituturing na maliliit sa tangkad nitong apat na talampakan, kilala sila sa kanilang pagiging matapang. Noong 2017, isang Hanunuo Mangyan mula sa Mts. Iglit-Baco Natural Park ang nagbalik-tanaw sa ugnayan ng mga Mangyan at ng Tamaraw at nagsabing, "*Kapag sinabi mong Tamaraw, dapat sabihin mo ring Mangyan!*"[14] Ito ay dahil sa ang tirahan ng Tamaraw ay hindi lang tinitingnan bilang isang pisikal na lugar, ito ay nakikita rin bilang sagradong lugar, "*itinuturing namin itong pook kung saan nagsasagawa ng ritwal, kaya namin itong pinoprotektahan*." Ang deklarasyon ng pamahalaan na gawin itong *protected area* ay parang pagputol sa *umbilical cord* na nagkokonekta sa amin dahil hindi kami dapat pumasok dito, at iwanan lang ito."[15]

Ang mga pahayag na ito ay nanatiling malakas isang taon makalipas, sa isang *planning event* na nilahukan ng DENR-Biodiversity Management Bureau (DENR-BMB), Tamaraw Conservation Program, Regional Office-MIMAROPA, PENRO/CENRO, at PASu, IUCN at WWF-Philippines, at ng Center for Conservation Innovation at marami pang iba. Sa nasabing gawain, nakabuo ng plano[16] na nagsasabing ang Tau Buhid ay nakikita ang kanilang hinaharap at ang hinaharap ng Tamaraw bilang lubusang magkaugnay, kaya anumang solusyon ay dapat kabilang ang isa't-isa. Dagdag pa riyan, kinikilala rin ng plano na ang anumang iligal na gawain na makakasama sa mga buhay-ilang at likas na yaman ay iligal ding gawain ng panghihimasok sa lupaing ninuno ng mga Mangyan.[17]

### Mga Banta at Hamon

Maliban sa mga malalaking *extractive* na proyekto, ang pagpasok ng mga migrante at ang pamamahala sa *common areas* ng lupaing ninuno sa mga *protected area system*, nakikita ring panganib ang sunog sa kagubatan.

Ang sunog sa kagubatan ay karaniwang nagmumula sa pagtama ng kidlat sa mga puno. Dahil sa mataas na presyon sa atmospera at sa katuyutan (mababang halumigmig), madaling magsimula at kumalat ang apoy. Maaari ring magmula ang sunog sa kagagawan ng tao kapag nakapagdulot ng apoy sa kagubatan na hindi maapula.

[14] Perez, Padmapani & BUKLURAN. "Living with the National Problems with National Parks: *Indigenous Critique of Environmental Policy.*" Far Eastern University. 2018.
[15] Matigon, Soligam. Vice-President for Island Group and the Visayas, Philippine ICCA Consortium (Bukluran) in a conversation with Giovanni B. Reyes. Consultation on Policies on Protected Areas and Ancestral Domain. Mindoro. 2020.
[16] Global Wildlife Conservation. "By the year 2050, the Tamaraw, a source of national pride and flagship for Mindoro's natural and cultural heritage, thrives in well-managed habitats and populations that co-exist with indigenous peoples across Mindoro." 2018.
[17] Ibid.

Sa probinsya ng Benguet, may 12 sunog na nakasira ng 900 ektarya ng kagubatan sa walong munisipyo roon mula Enero hanggang Pebrero 2020. Tinatayang hindi bababa sa 2 milyong piso ang pinsala. Sa munispyo ng Kabayan pa lang, nasa 643.69 ektarya ang natupok, kabilang na rito ang 191.54 ektarya na nasa ilalim ng National Greening Program (NGP). Maliit pa kung maituturing ang sunog na ito sa Benguet kumpara sa sunog na nangyari sa California sa US at sa bahaging timog ng Australia noong 2018 to 2019 kung saan nagkaroon ng 8,527 na insidente na nakasunog ng 766,000 ektarya ng kagubatan at nakatupok ng 22,751 na bahay at may kabuuang pinsala na 35 bilyong dolyar.

Pangkaraniwang dulot ng tao ang mga sunog sa kagubatan. Ayon kay John D. Guthrie na dating inspector ng US Forest Service, kakaunti lang ang kailangan para mag-umpisa ang sunog sa kagubatan: ang gubat, ang tamang kondisyon ng atmospera, at isang kislap mula sa kidlat o palito ng posporo sa kamay ng isang tanga. Dagdag pa niya, simple lang ang pormula: kung mas tanga ang tao, mas malaki ang magiging sunog sa kagubatan.[18]

*Ilang mga Pamamaraan para Mapigilan at Mapamahalaan ang Sunog sa Kagubatan*[19] na maaaring matutunan ng mga katutubong bantay-gubat at iba pang nangangalaga sa kagubatan sa pamamagitan ng pagsasanay:

a. Paggawa ng *fire lanes* na may lapad na tatlong metro sa paligid ng sunog;
b. Paghahanda ng *water spray* at mga kemikal na pang-apula ng sunog na dapat ay i-*spray* mula sa tangke o kung posible ay mula sa mga helicopter;
c. Pagsasanay ng mga taga-apula ng sunog para sa pagkontrol ng sunog;
d. Pagtuturo tungkol sa kalikasan kabilang na ang mga gawaing pang-kultural, mga trabahong teknikal-inhinyero, pakikilahok ng mga tao, at pagpapatupad ng mga polisiya. Dapat mas pagtuunang pansin ang pakikilahok ng mga tao sa pamamagitan ng *Joint Forest Fire Management*;
e. Agarang pagtukoy sa mga insidente ng sunog sa pamamagitan ng maayos na koordinasyon ng *network* ng mga lugar kung saan may nagmamasid, mabisang pagpapatrol, at gumagang komunikasyon. Mabilisang pagtugon sa mga insidente;
f. Masiglang pagtugon sa insidente; at,
g. Pagkakaroon ng mga kagamitan at pamamaraan sa pag-apula ng apoy/sunog.

### Listahan ng mga Polisiya, Batas na may Epekto sa mga Kagubatan mula Panahon ng mga Kastila Hanggang sa Kasalukuyan

Ang mga sumusunod ay ang mga polisiya at batas na ipinatupad sa Pilipinas magmula noong pananakop ng mga Kastila upang magkaroon ng mas malawak na pagtingin sa kasaysayan ng kung paano itrinato ng mga nasa kapangyarihan ang mga likas na yaman, partikular na sa mga kagubatan. Makikita rin kung paanong hindi sumasalamin at hindi tugma ang mga polisiya at batas na ito sa mga kagawian ng mga naninirahan sa loob at malapit sa mga kagubatan na silang nangangalaga at pumoprotekta sa mga ito dahil dito ito ang bumubuhay sa kanila.

[18] "Fabulous Ways to Protect Trees and Conserve Forests." Retrieved from www.conserve-energy-future.com
[19] Food and Agriculture Organization of the United Nations. Retrieved from www.fao.org/forestry/

Sa mga Igorot sa Sagada, katulad ng pinaniniwalaan din ng iba pang katutubo, nakikita nila ang kalikasan bilang "buhay na nilalang."[20] Ganito rin ang pagtingin ng mga Mangyan sa Isla ng Mindoro kung saan ang kalupaan ay nakikita bilang "kaisa ng mga katutubo."[21] Kadalasan, may kinakaloob na proteksyon naman ang mga batas para sa pamamahala ng kagubatan, ngunit batay sa karanasan ng mga katutubo, ang mga ito ay ginagawang balatkayo para matakpan ang pananamantala ng pamahalaan sa likas na yaman. Sa kasalukuyan, makikita natin ang pagdami ng mga proyekto sa enerhiya tulad ng Magat Dam na nagdulot ng katakot-takot na sakuna sa Rehiyon 2 (Cagayan Valley) at Marikina Dam sa Sierra Madre-National Capital Region. Nakikita sa mga ito ang buong siklo ng kasalungatan kung saan ang mga proyekto sa enerhiya ng pamahalaan ay itinatayo sa mga *watershed areas* maliban pa sa mga minahan na kumakalbo sa mga dating mayabong na kagubatan.

### *Panahon ng Pananakop ng mga Kastila*

- *Regalian Doctrine o Jura Regalia*. Isang ligal na kathang-isip batay sa teorya ng pyudal na pananakop. Ito ang pag-aangkin ng Hari ng Espanya ang kabuuan ng Pilipinas. Batay rito, ito ang sinasabi ng Korona ng Espanya na lahat ng lupaing walang sapat na katibayan ng pagmamay-ari ay dapat ibalik sa Espanya na siyang nagmamay-ari nito.[22]
- *Royal Decree of 25 June 1880.* Lahat ng taong nagmamay-ari ng lupain ay kikilananing may-ari ng lupaing kanilang inookupa mula 1870.
- *Royal Decree of 13 February 1894, o ang Maura Law* – Lahat ng mga lupang taniman na maaaring iparehistro sa ilalim ng Royal Decree of 1880 ay dapat mairehistro. Lahat ng hindi makakapag-rehistro ng kanilang lupain ay hindi na hahayaan pang magrehistro.

### *Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano*

- *Kasunduan sa Paris (Treaty of Paris) – 10 Disyembre 1898.* Isinuko ng Espanya sa Estados Unidos ang Pilipinas. Nagbayad ang US ng $20,000,000 sa Espanya tatlong buwan matapos ang pagpapatibay ng kasunduan.
- *Forest Act of 1904 (Act No. 1148).* Hindi kailangan ng lisensya ng mga residente na nakatira sa o malapit sa mga *government-authorized forest concession* para magputol ng puno para sa kanilang pangangailangang pantahanan.
- *Mining Act of 1905* – Lahat ng publikong lupaing sa Pilipinas ay ginawang bukas sa paggalugad, pag-okupa, at pagbili ng mga mamamayan ng Estados Unidos at Pilipinas.
- *Cariño vs. Insular Government,*[23] 23 Pebrero1909. Naglabas ng hatol ang Korte Suprema ng Estados Unidos, na siyang may hurisdiksyon sa Pilipinas, nang pabor sa Igorot na si Mateo Cariño matapos kamkamin ng pamahalaang US ang kanyang lupain sa paniniwalang ito ay pampubliko. Nakasaad sa desisyon na sa kasinlayo ng naaabot ng pagpapatunay o alaala, ang lupaing ito na inaangkin ng mga indibidwal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari, ipagpapalagay na ganito na pinamahalaan ang lupaing ito bago pa man ang pananakop ng mga Kastila, at hindi kailanman naging pampublikong lupain. Ang desisyon ito ay hindi pa kailanman binawi. Ito ang tinatawag na *Cariño Decision* sa mga *NATIVE TITLE* at ang Doktrina na ang lupa ay hindi kailanman naging pampublikong lupain ay paulit-ulit na lumabas sa mga sumunod na hatol ng Korte Suprema ng Pilipinas, at batay sa kasalukuyang batas, bahagi na ng ligal na Sistema sa lupa,[24] at ang ispiritu sa likod ng IPRA.[25]
- *Wildlife Law of 1916* – Pinagbabawal ang pagpatay ng mga ilang na hayop.
- *Forest Law of 1917* – Kinakailangan ng lisensya sa pagkuha ng anumang produkto mula sa kagubatan na nasa pampublikong lupain maliban kung naproklama ito bilang komunal na kagubatan. Lahat ng produkto mula sa kagubatan ay dapat may *permit* bago payagang mailakbay mula sa pagkukuhanan patungo sa bahay ng kumuha nito.

### *Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig*

### *Pamahalaang Marcos: Sa Ilalim ng Batas Militar*

- *Letter of Instruction No. 1260, 1982, and Ministry of Natural Resources Administrative Order No. 48, 1982.* Nagtataguyod ng *partnership* sa pagitan ng pamahalaan at mga nag-ookupa ng tinatawag na *"public domain."* Ipinagbabawal ang pakikilahok ng mga mamamayan na nakatira sa lupaing nasa loob ng mga *"national park, critical watershed, proclaimed watershed of other reservation."* Lahat ng okupadong lugar, minana man o sakop ng mga *"timber lease agreement, pasture lease agreement, industrial tree plantation agreement, farm lease agreement or any approved government lease or project"* maliban sa mga *social forestry* ay pinagbabawal sa *forest occupancy*.
- *Forestry Reform Code of the Philippines or Presidential Decree 389 (5 February 1974).* Ipinabilis nito ang klasipikasyon at agarang proklamasyon ng mga *permanent forests* bilang *forest reserves*. Kaugnay nito, lahat ng kagubatang hindi bibigyan ng klasipikasyon na *forest lands* ay magiging *alienable* o *disposable public lands*.
- *Revised Forestry Code o Presidential Decree 705 (19 May 1975).* Alinsunod dito, lahat ng lupain na may 18 porsyento o higit pa na kiling o *slope* ay inalienable at *indisposable* para sa paninirahan. Bilang halos lahat ng lupaing ninuno sa Cordillera ay may 18 porsyento o higit pa na *slope*, sinasabi ng batas na ang mga katutubo rito at ang mga komunidad nila ay mga *"squatters"* o nangungupahan ng *inalienable public forests.*

---

[20] Sa mga Kankana-ey, mayroong tinatawag na "Batawa" o nangangahulugang "earth" o "kalupaan" kung saan itinatrato ang mga lawa, ilog, puno, at maging ang mga bato bilang buhay na nilalang. Ang ganitong pagtingin sa kagubatan ay karaniwan sa mga katutubo ng Pilipinas. Karaniwang kung saan nananatili ang ganitong paniniwala ay doon mas masagana ang samu't-saring buhay.

[21] Ito ang sentimiyento ng isang Buhid Mangyan nang sabihan niya ang pahayag na, "Katutubo ay iisa sa buong mundo, bakit hindi kami tingnan na bahagi ng paglikha?" Consultation on "ENIPAS, IRR and effects on IP communities affected by PA's," Bongabong, Oriental Mindoro, February 2020.

[22] Law 14, Title 12, Book 4. Novisimas Recopilacion de Leyes de las Indias. Cited in "A Divided Court: Case Materials From the Constitutional Challenge to the Indigenous Peoples Rights Act of 1997" by the Legal Rights and Natural Resource Center

[23] 41 Phil. 935, Pp 950. Justice Holmes, citing Section 5 of the Organic Act of 1 July 1902.

[24] Art. 8, Civil Code of the Philippines. Judicial decisions applying or interpreting the laws of the Constitution shall form part of the legal system of the Philippines.

[25] RA 8371, Par. (l) on Native Title and Par. (p) on Time Immemorial. Sec. 3, Definition of Terms. Chapter II, RA 8371.

***Pamahalaang Cory Aquino: Sa Ilalim ng Liberal at Demokratikong Pulitika***

- *Konstitusyon ng Pilipinas 1987.* Ipinagpapatuloy nito ang legasiya ng Jura Regalia (ng Hari ng Espanya, ng Pamahalaang Amerikano hanggang sa kasalukuyan). Nakasaad sa Seksyon 2 ng Artikulo XII na, "*Ang lahat ng mga lupaing ari ng bayan, mga tubig, mga mineral, karbon, petrolyo at iba pang mga langis mineral, lahat ng mga lakas ng mga potensyal na enerhiya, mga pangisdaan, mga kagubatan o mga kahuyan, buhay-ilang, halaman at hayop, at iba pang mga likas na kayamanan ay ari ng Estado.*"

Ngunit ang parehong batas ay nakikitang akma ang pagsama ng hindi bababa sa anim na probisyon na kumikilala at pumoprotekta sa karapatan at interes ng mga katutubo:[26]

a. *Sek. 22, Artikulo II.* Kinikilala at itinataguyod ng Estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa loob ng balangkas ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad.
b. *Sek. 5, Article XII.* Dapat pangalagaan ng Estado, batay sa mga tadhana ng Konstitusyong ito at sa mga patakaran at mga programa sa pagpapaunlad ng bansa, ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa kanilang mga minanang lupain upang matiyak ang kanilang kagalingang ekonomiko, panlipunan at pangkultura.
c. *Sek. 1, Artikulo XIII.* Dapat pag-ukulan ng Kongreso ng pinakamataas na prayoridad ang pagsasabatas ng mga hakbangin na mangangalaga at magpapatingkad sa karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa dignidad na pantao, magbabawas sa mga di pagkakapantay-pantay na panlipunan, pangkabuhayan at pampulitika, at papawi sa mga di pagkakapantay-pantay na pangkalinangan sa pamamagitan ng ekwitableng pagpapalaganap ng kayamanan at kapangyarihang pampulitika para sa kabutihan ng lahat.
d. *Sek. 6 Artikulo XIII.* Dapat ipatupad ng Estado ang mga simulain ng repormang pansakahan o stewardship kailanman at mapaiiral nang naaalinsunod sa batas sa pamamahagi o paggamit ng iba pang mga likas na kayamanan, kasama ang mga lupaing pambayan na angkop sa pagsasaka sa ilalim ng pamumuwisan o konsesyon, batay sa mga karapatang nauuna, mga karapatan sa homested ng maliliit na nananahanan, at mga karapatan ng katutubong mga pamayanan sa kanilang minanang mga lupain.
e. *Sek. 17. Artikulo XIV.* Dapat kilalanin, igalang, at pangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kanilang mga kultura, mga tradisyon at mga institusyon. Dapat isaalang-alang nito ang mga karapatang ito sa pagbabalangkas ng mga pambansang plano at mga patakaran.
f. *Sek. 12 Artikulo XVI.* Ang Kongreso ay maaaring magtatag ng isang kalupunang magpapayo sa Pangulo tungkol sa mga patakarang may kinalaman sa mga katutubong pamayanang kultural, na mula sa naturang mga pamayanan ang nakararami sa kanila.
g. *Sek. 16, Artikulo II.* Dapat pangalagaan at isulong ng Estado ang karapatan ng sambayanan sa timbang at kanais-nais na ekolohiya nang naaayon at tugma ng kalikasan.

[26] Puno, Justice of the Supreme Court. In Separate Opinion, cited by Legal Rights Center in "A Divided Court: Case Materials from the Constitutional Challenge to the to the Indigenous peoples Rights Act of 1997." Pp 111. 2001.

- *DENR DAO 1 of 1989.* Ang *Industrial Tree Plantation* ay tumutukoy sa anumang sukat ng gubat *(tract of forestland)* na tinaniman ng puno na ang pangunahing gamit ay gawing hilaw na materyales sa mga nakatayo na o pinapanukalang *wood processing* at *energy-generating plants* at iba pang kaugnay na industriya. Pinapayagan ang operasyon ng mga *industrial tree plantation* na may sukat na hindi hihigit sa 20,000 ektarya sa loob ng limang taon. Maaari rin bigyan ang operasyon ng panibagong kasunduan na may tagal naman na 25 taon na maaaring i-*renew* ng kasunod na 25 taon.
- *DENR DAO 4 of 1991.* Nakasaad dito ang pagbibigay ng mga *Certificate of Stewardship Contract/Certificate of Community Forest Stewardship*: isang kontrata sa pagitan ng mga indibidwal na umookupa sa kagubatan o komunidad, asosasyon, o kooperatiba sa loob o may kagubatan, na pinahihintulutan na magkaroon ng karapatan sa mapayapang pag-okupa at pagmamay-ari at pamamahala sa tukoy na lawak ng kagubatan sa loob ng 25 na taon, na maaaring i-*renew* muli nang 25 na taon batay sa sistema pangangalaga at proteksyon sa lugar na napagkasunduan.
- *DENR DAO 42 of 1991.* Nakasaad dito ang pagkakaroon ng *Industrial Forest Plantation Management Agreement (IFMA)* sa pagitan ng DENR at ng isang kwalipikadong indibidwal, na mag-okupa at magmay-ari, nang may kaukulang upa, ng anumang kagubatan na nasa pampublikong teritoryo para magtayo ng *industrial forest plantation (IFP)*. Tinutukoy ng IFP ang anumang lugar na may kagubatan at iba pang pribado at pampublikong lupa na may tanim na anumang uri ng puno na nagbibigay ng troso katulad ng rubber tree at mga puno na hindi pantroso tulad ng *bamboo* para sa mga industriya ng produktong pangkagubatan pati na rin ng mga nag-aangkat ng nasabing produkto.

- *NIPAS Act o RA 7586 na inamendyahan ng ENIPAS o RA 11038.* Isang batas na nakasentro sa pagpapanatili sa samu't-saring buhay at sa pamamahala ng mga *Protected Area* na may tatlong susing probisyon ukol sa mga katutubo: 1) Seksyon 2 sa Deklarasyon ng mga Polisiya kung saan dapat kilalanin ng sistema ang mga katutubong teritoryo at ang kanilang pamamaraan ng pagpapanatili at pamamahala sa samu't-saring buhay sa loob nito; 2) Seksyon 9 sa Plano ng Pamamahala kung saan ang pamamahala ng mga *Protected Area* ay dapat itugma sa *Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan*; at, 3) Seksyon 13 sa Lupaing Ninuno at Katutubong Karapatan kung saan **ang mga teritoryo at lugar na inookupa at pinananatili para sa at ng mga katutubo** ay dapat kilalanin, igalang, paunlarin, at itaguyod.

***Pamahalaang Ramos: Sa Ilalim ng Agenda sa Repormang Panlipunan***

*Executive Order No. 263, Series of 1995.* Ayon sa EO na ito, ang *community-based resource management* na ang magiging pambansang estratehiya sa pamamahala sa mga kagubatan. Sa Seksyon 2 ng EO na ito, nakasaad na magiging polisiya na ng pamahalaan na a) protektahan at itaguyod ang karapatan ng mga Pilipino sa masaganang kalikasan; b) mapabuti ang kanilang sosyo-ekonomikong kalagayan tungo sa pagtataguyod ng

hustisiyang panlipunan, pantay na pagkakataon sa paggamit, at likas-kayang pagpapaunlad ng mga likas na yaman; at, c) igalang ang mga karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno nang may sapat na pagsasaalang-alang sa kanilang kagawain, tradisyon, at paniniwala sa pagbuo ng mga batas at polisiya kaugnay sa kalikasan.

- *Executive Order No. 247, Series of 1995*. Sa *bioprospecting*, may tukoy na panuntunan na dapat magbigay muna ng kanilang malaya, nauuna, at maalam na kapahintulutan bago magsagawa ang sinumang tagalabas ng pagpasok o paghango ng likas na yaman mula sa mga katutubong komunidad.
- *DENR DAO No. 23 of 1993*. Nakasaad dito ang pagbibigay ng *Forest Lease Management Agreement (FLMA)* sa pagitan ng DENR at ng pribadong indibidwal na tatawaging *Forest Land Management (FLM)* at bibigyan ng pribilehiyo na mag-okupa, mapaunlad, at mamahala sa lupa ng 25 na taon na maaaring ma-*renew* ng panibagong 25 na taon pa.
- *DENR DAO No. 22 of 1993*. Nakasaad dito ang pagbibigay ng *Community Forest Management Agreement* sa pagitan ng DENR at ng isang organisadong komunidad na pagbibigyan ng pribilehiyo sa paggamit ng likas na yaman at tungkulin na protektahan, panatilihin, at panumbalikin ang mga likas na yaman.
- *DENR Administrative No. 2 (DAO 2) of 1993*. Nakasaad dito ang paggawa ng isang *Special Task Force* para sa pagtukoy at pag-*delineate* ng *ancestral land claims* sa Cordillera Region kung saan lumabas ang *Certificate of Ancestral Domain Claims (CADCs)* at *Certificate of Ancestral Land Claims (CALCs)*, na ngayon ay *Certificate of Ancestral Domain Titles (CADTs)* at *Certificate of Ancestral Land Titles (CALTs)* sa ilalim ng IPRA.
- *IPRA o R.A or 8371*. Ang Batas na kumikilala sa mga karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno at teritoryo. Ipinagpapatuloy nito ang konsepto ng *Native Title* mula sa kaso noong 1908 ni Cariño laban sa Pamahalaang Insular ng Estados Unidos kung saan ang hatol ng Korte Suprema ng Estados Unidos, na siyang may hurisdiksyon noon sa lahat ng korte sa Pilipinas, ay pinabulaanan ang konsepto ng *Jura Regalia* o ang *Regalian Doctine at dineklara na:*

"*… sa kasinglayo ng naaabot ng pagpapatunay o alaala, ang lupaing ito na inaangkin ng mga indibidwal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari, ipagpapalagay na ganito na pinamahalaan ang lupaing ito bago pa man ang pananakop ng mga Kastila, at hindi kailanman naging pampublikong lupain. Ang desisyon ito ay hindi pa kailanman binawi.*"[27]

## Pamahalaang Arroyo: Sa Ilalim ng Matatag na Republika

- *Executive Order 318, Series of 2004*. Nagtataguyod ng *Sustainable Forest Management* at nagbabawal ng pagtotroso sa mga tinatawag na *old-growth forests* kabilang na ang mga sakop ng NIPAS para masiguro ang walang-hanggang pag-iral ng lahat ng likas na hayop at halaman.

[27] Salin ng hatol ng Korte Suprema sa Cariño vs Insular Government (1909).

  a. Ang *Community-based Forest Management (CBFM)* ang dapat maging pangunahing estratehiya sa pagpapanatili ng mga kagubatan;
  b. Ang CBFM ay dapat maging gawaing isinasagawa ng pambansang pamahalaan, LGU, mga taga-lokalidad, mga *civil society organization*, at mga pribadong negosyo; at,
  c. Ang lokal na kultura, pagpapahalaga, tradisyon, paniniwala, at karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno at teritoryo na itinataguyod ng mga napasang batas ay dapat bigyan ng pagkilala at bigyan ng paggalang sa lahat ng gawaing pangkagubatan ng pamahalaan o ng pribadong sektor.
- *Batas Republika 9147 o Wildlife Resources Conservation and Protection Act*. Nakasaad sa Seksyon 2 (a) na nagsasabing dapat maging polisiya ng pamahalaan ang pangalagaan ang mga buhay-ilang at kanilang tirahan. Alinsunod sa polisiyang ito, ang Batas ay dapat magkaroon ng dalawang layunin: 1) panatilihin at protektahan ang mga buhay-ilang at kanilang mga tirahan para itaguyod ang balanse ng ekolohiya; at, 2) mapabuti pang lalo ang samu't-saring buhay sa kalikasan. ☐

### *Pag-isipan*

- Anu-ano ang mga natutunan mo mula sa kasaysayan ng mga batas na may kinalaman sa kagubatan sa bansa? Ipaliwanag.
- Ano sa tingin mo ang pagkakaiba ng mga konsepto at regulasyon ng pamahalaan sa mga likas na yaman tulad ng kagubatan sa kung ano ang umiiral sa mga katutubong komunidad? Ipaliwanag.
- Anu-ano ang mga natutunan mo mula sa mga tinalakay sa materyal na ito?

Ang learning material na ito ay inihanda ni Giovanni Reyes para sa proyektong *"Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System."* Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

**Citation**

Reyes, G. (2020). *Pagprotekta sa mga Kagubatan at Buhay-ilang.* ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].

The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).

33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011 | Email: angoc@angoc.org
Website: www.angoc.org

The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.

c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406

Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.

71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406
Email: pafid@skybroadband.com.ph, pafid@yahoo.com | Website: www.pafid.org.ph